

IMPORMASYON TUNGKOL SA PROGRAMA PARA SA MGA BAGONG APLIKANTE

Regional Transit Connection (RTC) card

Ipinapaliwanag sa dokumentong ito:

- Ang mga kaibahan sa pagitan ng mga Basic at Medikal na aplikasyon at kuwalipikasyon
- Kung ano ang kailangan para mag-apply



Ang pagiging karapat-dapat ay pagpapasyahan sa Basic o Medikal na aplikasyon para sa mga customer na wala pang edad na 65.

- Ang Basic na aplikasyon ay para sa mga aplikanteng nagpapakita ng kanilang katayuan ng kapansanan gamit ang mga dokumento mula sa iba pang ahensya ng serbisyong panlipunan o pagiging karapat-dapat mula sa iba pang ahensyang pang-transit.
- Ang Medikal na aplikasyon ay para sa mga aplikanteng nakumpirma ang kapansanan ng isang certifier (tagasertipika, isang lisensyadong doktor sa estado ng California)

Kung hindi permanente ang katayuan mo, iniisyu ang iyong card nang may petsa ng pagkawala ng bisa. Kakailanganin mong mag-renew o muling mag-apply sa petsa ng pagkawala ng bisa.

Mga kategorya sa pagiging karapat-dapat sa programa ng RTC at ang kinakailangang dokumentasyon:

	Pagiging Karapat-dapat	Katayuan: Permanente o Hindi Permanente	Sumusuportang Dokumentasyon
Basic	Placard ng DMV para sa May Kapansanan	Hindi Permanente LAMANG	Resibo ng pagpaparehistro sa DMV para sa placard na kasama ang pangalan ng aplikante at petsa ng pagkawala ng bisa sa hinaharap.
	Iba pang Ahensyang Pang-transit	Hindi Permanente LAMANG	Card ng iba pang Ahensyang Pang-transit na katumbas ng sa RTC o sertipikasyon ng ADA Paratransit sa labas ng ahensyang pang-transit sa Bay Area.
	Medicare	Alinman	Medicare card.
	Beteranong may Kapansanan	Alinman	Liham ng gawad ng VA sa kapansanan at VA Card na nagpapakita ng rating level na 50% o mas mataas pa.
	ADA Paratransit*	Alinman	Naitatag ang pagiging karapat-dapat sa ADA Paratransit ng ahensyang pang-transit sa Bay Area.
Medikal	Medikal*	Alinman	Medikal na aplikasyon kung saan nakumpleto ng certifier ang Seksyon 4.

*Available ang pagiging karapat-dapat ng Attendant (Tagabantay) sa pamamagitan ng sertipikasyon ng ADA paratransit o ayon sa isinaad ng certifier sa Medikal na aplikasyon.

Mangyaring tandaan:

- Kailangan mong personal na mag-apply para makunan ng litrato **maliban kung ang programa ng RTC ay mayroon nang litrato sa file.****
- Kailangang i-update ang litratong ito kada 10 taon at makikipag-ugnayan sa iyo ang kawani ng RTC na hihiling ng panibagong litrato kung kailangan.
- Walang sinisigil para sa Basic o Medikal na aplikasyon.
- Kailangan mong magprisinta ng balidong I.D. na may litrato bukod sa mga dokumento sa itaas.
- Ii-scan ng ahensyang pang-transit ang sumusuportang dokumentasyon at isusumite ito kasama ang iyong aplikasyon.

Mga espesyal na konsiderasyon:

Pagiging karapat-dapat ng attendant – kung kailangan mo ng attendant na samahan ka sa pagbiyahe, maaari mo itong ipakita ito sa pagiging karapat-dapat mo sa ADA-paratransit o maging sertipikado para sa Attendant na may Medikal na Aplikasyon. Maaaring bayaran ang mga pamasaha ng attendant sa pamamagitan ng:

- Cash at ipinapakita ang simbolo ng Attendant sa card.
- Attendant Clipper card gamit ang cash o passes. Maaari kang mag-apply para sa attendant card kasama ang aplikasyong ito.

**Kung mayroon ka nang RTC ID at litrato sa file, maaari mong ipadala sa koreo ang iyong aplikasyon sa:

RTC
PO Box 7006
Stockton, CA 95267

Sumusuportang Dokumentasyon



Sampol ng iba pang card ng Ahensyang Pang-transit sa labas ng CA




Sampol ng iba pang card ng Ahensyang Pang-transit sa loob ng CA



Sampol ng Resibo ng DMV



Sampol ng Medicare Card



Sampol ng liham ng VA

Listahan ng mga Lokasyon sa Pagpoproseso ng RTC:

AC Transit

1600 Franklin Street, Oakland, CA 94612
Telepono: (510) 891-4777
Tinatanggap ang aplikasyon mula Lunes-Biyernes,
8am-12:30pm; 1-5pm; hindi kasama ang mga holiday

BART

800 Madison Street, Oakland, CA 94607
Telepono: (510) 464-7133
Tinatanggap ang aplikasyon mula Lunes-Biyernes,
8:30am-4:45pm; 1-5pm; hindi kasama ang mga holiday

Caltrain

Mag-apply sa SamTrans, VTA o Muni.

County Connection

2477 Arnold Industrial Way
Concord, CA 94520
Telepono: (925) 676-7500
Email: help@countyconnection.com
Tinatanggap ang mga aplikasyon mula
Lunes-Biyernes, 8am-3pm

FAST

2000 Cadenasso Dr, Fairfield, CA 94533
Telepono: (707) 422-2877; Tumawag para sa mga oras

Golden Gate Transit

850 Tamalpais Avenue, San Rafael, CA 94901
Telepono: (415) 455-2000 o 511/711
Tinatanggap ang mga aplikasyon mula
Lunes-Biyernes, 7am-6pm

LAVTA (Wheels)

1362 Rutan Ct., Suite 100, Livermore, CA 94551
Telepono: (925) 455-7555
Tinatanggap ang mga aplikasyon mula
Lunes-Biyernes, 8:30am-5pm

Petaluma Transit

555 N. McDowell Blvd, Petaluma, CA 94954
Telepono: (707) 778-4460
Tumawag para magpa-appointment.

SamTrans

1250 San Carlos Avenue, San Carlos, CA 94070-1306
Telepono: (800) 660-4287
Tinatanggap ang mga aplikasyon sa mga araw
ng Martes at Huwebes, 1-4pm

Santa Rosa CityBus

Downtown Transit Mall kiosk, sa south side ng Second
Street sa pagitan ng Santa Rosa Avenue at B Street
Telepono: (707) 543-3333
Tinatanggap ang mga aplikasyon mula
Lunes-Biyernes, 8:30am-12:30pm at 1pm-4:30pm

SFMTA

11 South Van Ness, San Francisco, CA 94102
Telepono: (415) 646-2224
Tinatanggap ang mga aplikasyon mula
Lunes-Biyernes, 8am-5pm

SMART

5401 Old Redwood Highway, Suite 200,
Petaluma, CA 94954
Telepono: (707) 794-3330
Tinatanggap ang mga aplikasyon mula
Lunes-Biyernes, 8am-5pm

SolTrans

311 Sacramento Street, Vallejo, CA 94590
Telepono: (707) 648-4666
Tinatanggap ang mga aplikasyon mula
Lunes-Biyernes, 8am-6pm

Tri Delta Transit

801 Wilbur Avenue, Antioch, CA 94509
Telepono: (925) 754-6622
Tinatanggap ang mga aplikasyon mula
Lunes-Huwebes, 7am-6pm, at Biyernes 8am-5pm

Vine

625 Burnell Street, Napa, CA 94559
Telepono: (707) 251-2800
Tinatanggap ang mga aplikasyon mula
Lunes-Biyernes, 8:30am-5pm

VTA

Customer Service Center sa Downtown:
2 North Market Street, San Jose, CA 95113
Tinatanggap ang mga aplikasyon mula
Lunes-Biyernes, 9am-6pm
Mga Tanggapan ng VTA:
3331 N. 1st St., Bldg. B Lobby, San Jose, CA 95134
Telepono: (408) 321-2300
Tinatanggap ang mga aplikasyon mula
Lunes-Biyernes, 8:30am-4pm

Solano Mobility Call Center

423 Main St. Suisun City, CA 94585
Telepono: (800) 535-6883
Tinatanggap ang mga aplikasyon mula
Lunes-Biyernes, 7am-5pm

Sa mga Medikal na Aplikante:

- Kukumpletuhin mo ang Seksyon 1 ng aplikasyon para sa Medikal na Sertipikasyon at kukumpletuhin ng iyong Certifier ang Section 4.
- Ipinapahiwatig sa iyong lagda: 1) ang iyong awtorisasyon para ilabas ng iyong doctor ang iyong impormasyon, at 2) ang iyong pagtanggap sa mga tuntunin ng Programa ng RTC. Kung hindi nalagdaan ang iyong aplikasyon sa parehong lugar, hindi ito maaaring iproseso.
- Dalhin ang form na ito sa iyong Certifier para makumpleto ang Seksyon 4. Dapat kumpletuhin ng Nagesertipikang Propesyonal ang Seksyon 4 ng aplikasyon at lagdaan ito.
- Ang certifier para sa Seksyon 4 ay maaaring maging limitado sa mga kategorya kung saan sila ay lisensyadong magbigay ng diagnosis:
 - Mga lisensyadong doktor na may degree na M.D. o D.O.
 - Mga lisensyadong physician's assistant at nurse practitioner
 - Ang mga lisensyadong chiropractor ay maaaring magsertipika para sa mga kategorya 1, 2, 3 at 4
 - Ang mga lisensyadong podiatrist ay maaaring magsertipika para sa mga kapansanang may kinalaman sa paa, sa ilalim ng mga kategorya 1, 2, 3 at 4
 - Ang mga lisensyadong optometrist (OPT) ay maaaring magsertipika para sa kategorya 9
 - Ang mga lisensyadong audiologist (AU) ay maaaring magsertipika para sa kategorya 10
 - Ang mga lisensyadong clinical psychologist (PSY) at lisensyadong educational psychologist (LEP) ay maaaring magsertipika para sa mga kategorya 12, 15, 16 at 17
 - Ang mga lisensyadong marriage and family counselor (MFCC), Lisensyadong professional clinical counselor (LPCC), Lisensyadong social worker (LCSW) ay maaaring magsertipika para sa kategorya 17.
- Makikipag-ugnayan ang Verifier (Tagaberipika) ng RTC sa iyong certifier para beripikahin ang ibinigay na impormasyon.
- Tatanggihan ang mga aplikasyong may nawawalang impormasyon na hindi makukuha mula sa certifier.

Sa mga Certifier

Tinitiyak ng iyong sertipikasyon na mga karapat-dapat na indibidwal lamang ang tatanggap ng mga diskuwento sa pamasahe ayon sa iniuutos ng batas ng estado at pederal na batas. Ang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat sa programa ng RTC ay batay sa kawalan ng kakayahan ng indibidwal na gumamit ng transit na may hindi nagbabagong ruta (iyon ay, mga regular na maa-access na bus, light rail, commuter rail o BART) nang walang espesyal na mga pasilidad, pagpapalano o disenyo. [49 US § 1608 (c)(4), Seksyon 99206.5, CA PUC]. Hinihingi namin ang iyong tulong upang matiyak na natutugunan ng mga aplikante ang mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat.

Kinaklasipika ng programa ang kapansanan nang ayon sa numero ng Kategorya (1 hanggang 19) at ang paglalarawan sa mga kategorya sa pagiging karapat-dapat sa RTC ay matatagpuan sa ibaba. Para sa higit pang impormasyon, mangyaring bumisita sa 511 o makipag-ugnayan sa rtcinfo@bayareametro.gov.

Beberipikahin ang iyong address at impormasyon sa medikal na lisensya sa Medical License Board ng estado. Mga lisensya lamang sa California ang tatanggapin. Mangyaring ibigay ang telepono at numero ng fax. Maaaring makipag-ugnayan ang programa ng RTC sa iyong tanggapan tungkol sa iyong sertipikasyon o numero ng lisensya.

Salamat sa pagtulong sa pagpapanatili ng integridad ng Programa ng RTC.

Mga Kategoriya sa Medikal na Kuwalipikasyon

Dapat matugunan ng mga indibidwal ang kahulugan ng kategoriya sa ibaba. Ilagay ang code ng kategoriya na tumutugma sa mga paglalarawan. Kung napapailalim ang indibidwal sa Kategoriya 17, kailangan mong ibigay ang code ng DSM sa kanyang aplikasyon. Kung ang indibidwal ay may maraming kapansanan, gamitin ang Kategoriya 19. Mangyaring sumangguni sa polyeto ng programa para sa mga karagdagang detalye o makipag-ugnayan sa rtcinfo@bayareametro.gov.

Kategoriya 1 – Mga Kapansanan kung saan Hindi Makalakad: Mga kapansanan na, anuman ang sanhi, ay kinakailangan ng indibidwal ng wheelchair para makagalaw.

Kategoriya 2 – Mga Pantulong para Makagalaw: Mga kapansanan na nagdudulot sa mga indibidwal na makalakad nang may napakalaking kahirapan kabilang ang pangangailangan na gumamit ng brace para sa binti, baston, walker o saklay.

Kategoriya 3 – Kapansanan sa Kalamnan at Buto (Kabilang ang Arthritis): Mga kapansanan kalamnan at buto tulad ng muscular dystrophy, osteogenesis imperfecta o arthritis ng Functional Class III o anatomical Stage III. Ang indibidwal ay may napakalaking kapansanan sa paggalaw.

Kategoriya 4 – Pagkaputol ng Bahagi ng Katawan: Mga taong naputulan ng, o may depormidad sa (a) Parehong kamay; o (b) isang kamay at isang paa; o (c) naputol ang mga binti o sa itaas ng paa (isa o parehong binti).

Kategoriya 5 – Aksidenteng Nakaapekto sa Pagdaloy ng Dugo sa Utak (Stroke): Sa isa sa mga sumusunod: (a) pseudobulbar palsy; o (b) functional motor deficit; o (c) ataxia na nakakaapekto sa mga binti at braso dahil sa mga naaangkop na mga palatandaang may kinalaman sa cerebellum o pagkawala ng kaalaman sa espasyo pagkatapos ng 4 na buwan.

Kategoriya 6 – Mga Sakit sa Baga: Mga kapansanan sa palahingahan sa Class 3 (FVC sa pagitan ng 51 at 59% ng inaasahan, o FEV sa pagitan ng 41 at 59% ng inaasahan); o Class 4 (FVC na mas mababa o katumbas ng 50% ng inaasahan, o FEV na mas mababa o katumbas ng 40% ng inaasahan).

Kategoriya 7 – Mga Sakit sa Puso: Mga kapansanang kardiyobaskular ng functional Class III, Mga kapansanang kardiyobaskular ng functional Class IV.

Kategoriya 8 – Dialysis: Mga indibidwal na ang kapansanan ay nangangailangan ng paggamit ng makina para sa dialysis ng bato.

Kategoriya 9 – Mga Kapansanan sa Paningin: Mga indibidwal na ang paningin sa mas mabuting mata (pagkatapos itama) ay 20/200 o mas mababa pa; o mga indibidwal na ang paningin ay makitid (tunnel vision) o 10° o mas mababa pa mula sa punto kung saan nakatutok ang paningin o pinakamalawak na diyametro na may anggulong hindi na mas lalaki pa sa 20° at mga indibidwal na hindi mabasa ang impormasyon sa mga karatula o simbolo para sa iba pang dahilan bukod sa wika.

Kategoriya 10 – Mga Kapansanan sa Panding: Pagkabingi o kawalan ng kakayahang makarinig kung saan hindi kaya ng indibidwal na makipag-usap o makarinig ng mga signal na babala kabilang ang mga indibidwal na ang pagkawala ng pandinig ay 70 dba o mas malaki pa sa mga antas na 500, 1000, 2000 Hz.

Kategoriya 11 – Mga Kapansanan sa Kawalan ng Koordinasyon: Mga indibidwal na mayroong maling koordinasyon o palsy mula sa pinsala sa utak, gulugod o nakapaligid na ugat, functional motor deficit sa alinmang dalawang binti o braso o nagpapakita ng napakalaking kabawasan sa paggalaw, koordinasyon o pananaw.

Kategorya 12 – Kapansanang Intelektwal: Ang Kapansanang Intelektwal ay isang sakit na tampok ang magkasamang kakulangan sa mga intelektwal na punsyon at punsyon sa pag-akma na may masamang epekto sa isa o higit pang mga aspeto ng pang-araw-araw na pamumuhay, tulad ng komunikasyon, pakikisalamuha, pagtamasa sa pag-aaral at pamumuhay nang mag-isa.

Kategorya 13 – Cerebral Palsy: Isang neurolohikal na kondisyon na nakikita sa sanggol o unang yugto ng pagkabata at permanenteng naaapektuhan ang paggalaw ng katawan, koordinasyon ng kalamnan, at balanse, at pangunahing nagdudulot ng kapansanan sa pangangatawan na may kinalaman sa limitasyon o pagkawala ng punsyon at paggalaw.

Kategorya 14 – Epilepsy (Sakit na Kombulsyon): Klinikal na sakit na kinapapalooban ng kapansanan sa kamalayan na kinakikitaan ng mga seizure (hal., generalized, complex partial, major motor, grand mal, petit mal o psychomotor), na nangyayari nang mas madalas sa isang beses kada buwan sa kabila ng iniresetang paggamot.

Kategorya 15 – Autism Spectrum Disorder: Kakulangan sa mga kakayahan sa pasalita at hindi pasalitang komunikasyon at kasanayan sa pakikisalamuha, na sinamahan ng pagkakaroon ng may limitasyon at paulit-ulit na pag-uugali, interes o mga aktibidad, na lubos na nakakaapekto sa kalidad ng punsyon sa pakikisalamuha, pang-edukasyon, pang-okupasyon, at/o pag-akma ng sarili.

Kategorya 16 – Kapansanang Neurolohikal: Mga sakit ng indibidwal na ang IQ ay hindi bababa sa dalawang pamantayang paglihis na mababa sa karaniwan. Kasama sa kategoryang ito ang mga indibidwal na may malulubhang problema sa paglakad na may limitasyon sa paggalaw.

Kategorya 17 – Mga Sakit sa Pag-iisip: Ang dyagnosis sa DSM-5 sa isa sa mga sumusunod ay kailangan para maging karapat-dapat: Ispektrum ng Schizophrenia at Iba pang Sakit na Psychosis, Bipolar at mga Kaugnay na Sakit, Sakit ng Depresyon, Mga Sakit na Nauugnay sa Trauma at mga Nagdudulot ng Stress, mga Dissociative Disorder, mga Sintomas na Somatic at mga Kaugnay na Sakit, at mga Sakit na Neurokognitibo. Hal. Ang mga sakit na bumubuti kalagayan at mga dyagnosis na “Hindi Matukoy” ay partikular na hindi kabilang sa pagiging karapat-dapat. Bukod dito, ang mga aplikanteng may Sakit na Nauugnay sa Substansya o sa Pagkagumon bilang pangunahing kapansanan ay hindi magiging kuwalipikado sa programa.

Kategorya 18 – Hindi Gumagaling na Lumalalang Nakakapagpahinang Sakit: Mga indibidwal na nakakaranas ng hindi gumagaling at lumalalang nakakapagpahinang sakit na nakakikitaan ng mga sintomas sa pangangatawan tulad ng pagkahapo, panghihina, pagbaba ng timbang, pananakit at mga pagbabago sa katayuan ng pag-iisip, na kapag pinagsama-sama, ay humahadlang sa mga aktibidad ng pang-araw-araw na pamumuhay at lubos na naaapektuhan ang paggalaw.

Kategorya 19 – Maraming Kapansanan: Maaaring kasama sa kategoryang ito ang, ngunit hindi limitado sa, mga taong may kapansanan dahil sa pinagsama-samang epekto ng mahigit sa isang kapansanan. Ang mismong mga indibidwal na kapansanan ay maaaring hindi ganoong kalubha para maging kuwalipikado bilang Transit Dysfunction; gayon pa man, ang pinagsama-samang epekto ng mga kapansanan ay maaaring magkuwalipika sa indibidwal para sa programa.

*Ang Kategorya ay paminsan-minsan ding tinatawag na Seksyon. Pareho ang ibig sabihin ng mga ito.